# "INVICTUS"

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Setyembre 25, 2021

Ang *Invictus* ay salitang Latin na ang ibig sabihin ay hindi masusupil o hindi matatalo. Ito ay maikling tula na sinulat ni W.E. Henley tungkol sa tapang sa pagharap sa kamatayan, at pagpapahalaga sa sariling dignidad sa kabila ng kawalang dangal ng buhay sa paligid. Nakilala ang tula sa mga huling linya, "Ako ang panginoon ng aking kapalaran at kapitan ng aking kaluluwa." Maraming tao ang gustong magbigay ng payo sa atin baka iyon na ang payong kailangan natin, ngunit ayaw nating pakinggan. Gayunpaman, minsan ang mga payo nila ay mas nakasasama sa halip na nakabubuti.

**1. Ano ang resulta ng pakikinig sa maling payo?**

May mga pagkakataon sa Bibliya na hindi maganda ang dulot ng pakikinig sa maling payo.

1.1 Sinunod ni Adan ang payo ni Eba dahil nakinig siya sa payo ng demonyo na kainin ang galing sa puno na pinagbawal ng Diyos (Gen.3).

1.2 Si Aaron ay nakinig sa mga Israelita at gumawa ng diyos-diyusan mula sa mga alahas na kinuha nila sa Egipto (Exodo 32).

1.3 Si Josua ay nakinig sa maling payo mula sa kanyang mga tauhan na naging sanhi ng kanilang pagkatalo sa Ai (Jos. 7).

1.4 Pinili si Samson ang maling babae (Delilah) at nagresulta sa pagkawala ng kanyang lakas, paningin at buhay (Hukom 16).

1.5 Nawalan ng katungkulan bilang isang hari si Haring Saul noong sinunod niya ang payo ng mga tao (1 Samuel 13).

1.6 Nagkaroon ng maraming asawa si Solomon at naging dahilan ng paglayo niya sa Diyos at sumamba sa mga diyus-diyosan (1Hari).

**2.1. Tuwing kailan natin nakukuha ang maling payo?**

2.1 Kung pinipili lang nating pakinggan ang gusto nating marinig.

2.2 Kung naghahanap tayo ng maling payo mula sa *social media*, *horoscopes*, at iba pang nag-aalok ng hindi mabuti at di makatotohanang payo.

2.3 Kung matigas ang ating ulo, madaling magtampo, ayaw maturuan at ayaw sumunod.

2.4 Kung gusto lang nating pagbigyan ang sariling kapakanan at madalas sarili ang pinapakinggan.

2.5 Kung kulang tayo ng mahalagang impormasyon upang makagawa ng tamang desisyon.

**3. Paano natin malalaman kung tama ang nakukuhang payo?**

Dapat nating tanungin ang mga sumusunod:

3.1 Nagbibigay ba ng kaluwalhatian sa Diyos?

3.2 Ito ba ay payong nagpapahayag kung sino ang Diyos? (2 Tim 4)

3.3 May malawak bang karanasan ang taong nagbibigay ng payo? (Kawikaan 13:18)

3.4 Aking kapakanan ba ang nasa puso ng taong ito? (Ecclesiastico 37:11-14)

3.5 Mapagkakatiwalaan ba ang taong ito sa pagyabong ng pananaw ko sa aking buhay?

3.6 Ang payo ba ay laban sa Diyos?

3.7 Sasabihan ba ako ng taong ito ng dapat kong marinig?

**4. Paano at saan natin mahahanap ang tamang payo?**

4.1 Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu dahil Siya ang ipinangako ng Diyos na tutulong kung ano ang dapat nating gawin (Awit 32:7-8).

4.2 Sa banal na ebanghelyo, ang Salita ng Diyos.

4.3 Sa mga taong may malawak ng karanasan.

4.4 Sa pamamagitan ng panalangin.

4.5 Sa mga taong tinitingala at nirerespeto natin na may talino, kredibilidad at malawak na karanasan.

**Konklusyon:**

Binigyan tayo ng Diyos ng dakilang layunin; magkaroon ng makabuluhang buhay. Minsan, nakukuha natin ang tamang payo, ngunit di natin nauunawaan ang hakbang na gagawin. May mga taong magpapahina ng ating loob, ngunit makinig lamang tayo kung ano ang sabihin ng Diyos. Dapat lagi nating hanapin ang mabuting payo at makinig sa mga puna sa atin upang maipagpatuloy natin ang ating misyon.

**Pagninilay**:

1. Ano ang misyon mo sa buhay?
2. Ang mga plano mo ba ay naaayon sa Ebanghelyo?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests